

Mga Pagdidili-dili sa Pagtutumbas (Ilang mungkahing mga hakbangin sa Pagsasalin)

Marvin R. Reyes, Ph.D.
San Beda College

Abstract: *It can be told that translation entails thorough practice. From there we can make a basis out of accepting the meaning, culture and essence of language from another language. To respond to this meticulous process of translating and to follow the proper way of word equivalence, a process has been proposed. This was based on the scheme by Jhoanna Cruz (1994) with additional other procedures. These are the following; Textualization, Semantic/Linguistic Basis, Semiotic, Language Familiarization, Scrib(e)1 &2, Auralization1 &2/Evaluation and Final Translation. This procedure may guide a translator and how he can conceptualize principles in the art of word equivalence or translation.*

Keywords: *Text, Linguistic Translation, Semantic Translation, Equivalence, Communicative.*

*Words travel worlds, Translators do the driving.
---Anna Rusconi*


May nosyon na hindi biro ang proseso ng isang pagsasalin. Subalit ang totoo, hindi nga ito isang biro at lalo't higit hindi ito maaaring magasgas. Walang madaling pagsasalin dahil hindi lamang titik at salita ang mga sangkot. Maraming salik. Sinasabing upang mabuo ang isang pagsasalin, kailangang buo rin ang pagtitiyaga sa paghahanap ng kahulugan at kabuluhan ng mga sangkot na wika at maging ng mga simbulong isinasalin. May ugnayan ang bawat salik na sangkot sa prosesong ito.

Bawat pakikipag-ulayaw sa salita ay isang himala. Isang himala ang nagaganap sa pagsasalingsalita, na salingkahulugan, salindiwa, salingkaranasan, salingkamalayan. At ang bawat pakikipag-ulayaw na ito'y nauugitan ng kamalayang hinuhugisan ng karanasan, ng karunungan at ang kamalayang yaon ang uugit sa pag-unawa. (Medina, 2000:196)

Mahirap makabuo ng isang konkreto at may malinis na tumbasan sa pagsasalin subalit ito ang hamon sa prosesong ito.

Layon ng papel na ito na makabuo ng isang freymwork na naaayon sa mga hakbangin ng pagsasalin na may pagkokonsidira sa mga estilo at anyo ng mga sangkot na wika. Fokus sa sistemang ito ang pagiging komunikatibo o mas maintindihang pang tumbasan ng mga kahulugan at simbulo ng mga textong sangkot sa proseso ng pagsasalin. Hango ang mungkahing ito ng mga hakbangin sa pagsasalin alinsunod sa mungkahi ni Jhoanna Cruz (2001) na mas bibigyan pa ng detalyadong mga ispesipikasyon.

Sa pagtalakay na ito, susundin ang sumusunod na iskema;



Texto at Textualization

Masalimuot ang proseso ng pagsisimula ng bawat pagsasalin. At tulad ng ibang kasanayan, kailangang maging handa sa pagsisimula pa lamang. Sa mungkahing ito ng mga hakbangin ng pagsasalin, sisimulan sa pamamagitan ng tinatawag na Textualization. Ayon kay Isagani Cruz (2001), maikokonsidira bilang isang texto (tradisyunal man o kontemporaryo) kung mabibigyan ito ng kritisismo. Kanon man o mga anyo ng kulturang popular, maikokonsidira ang lahat ng mga ito bilang mga texto sapagkat nasasaklaw ang mga ito ng suri at interpretasyon. Nagsisimula ang pagsasalin sa pagkakataong nakapamilya na ang tagapagsalin ng mga textong kanyang iinvolb. Beysik na rekisito sa pagsasalin ang kaalaman sa Source Language (SL) kung saan (TL) Translation requires through comprehension of the original text firsts (Machida, 2011: 743) at ganoon din sa Target Language (TL). Kung gayon, malaking konsiderasyon ang pagiging pamilyar sa mga textong sangkot sa pagsasalin.

Tulad ng isang mamimili sa kung gaano siya kapamilya sa produktong kanyang tatangkilikin ganoon din ang isang tagapagsalin sa textong kanyang isasalin. May pagsasalin nang ganap sa prosesong ito dahil mistulang hindi pa man naisasalin ang mga salita, diwa at signo, may ugnayan na sa pagitan ng diwa ng tagapagsalin at ng kalikasan ng textong kanyang isasalin. Maaaring suyurin ang kabuuan ng texto at makagawa na ng pangunahing impresyon, makabuo ng mga pagpapakahulugan at maitawid ang ilang nosyon na nafoform na pagsasalin. Papasok sa isip ng tagapagsalin kung anong diskarte, paraan o daloy ng pagsasalin ang kanyang gagawin upang nang sa gayon madali na niyang magamay ang aktuwal na proseso ng pagsasalin. Manipestasyon ng kasanayan ang pagiging kumportable sa mga kahulugan ng wika, estilo, at anyo ng isasalin. Ito ang nakapaloob sa tinatawag na pretextual(ities) (Bautista, 1990:27) bilang isa sa mga etralinguistic realities na makakaimpluwensya ng higit sa aktuwal na proseso ng pagsasalin. Bago pa man maisatitik at malapat sa ibang wika at kahulugan ang mga ideya, naimpluwensyahan na ang mga ito ng extralinguistic realities.

To translate between them, the less developed language needs to be developed further to meet linguistic, cognitive, social and cultural systems of the other fully developed language. Thus, the act of translating demands the learners to develop their linguistic system by learning new lexicon, etc., but also non-linguistic conceptual knowledge and more rhetorical structures and research more subject matter and background knowledge (contextual knowledge). (Machida, 2011: 743)

Makikita ang kahulugan ng isang texto dahil sa malawak na pagpapakahulugan ng mga tinatawag na kontextong extra-linguistic (Retsker 1993:26). Nabubuwag ang bias ng tagapagsalin sa kanyang isinasalin sapagkat nagkakaroon na siya ng mga pangunahing kamalayan sa kanyang bubuuning pagsasalin. Halimbawa, iba ang impresyon ng tagapagsalin sa mapipili niyang texto subalit kung pinag-aralan niya ito, binasa at nasuri, mababago muli ang kanyang impresyon dahil may idea na siya sa orijinaliti ng orihinal na texto. Kapag nagkaganoon nga, magsisilbing gabay ang mga pretextualities na ito sa buong daloy ng pagsasalin. Matapos makilala ang awtentisiti at nilalaman ng orihinal na textong batayan ng gagawing pagsasalin, dito na papasok ang tinatawag na Textualization. Maaaring sabihin na isang paraan ang textualization ng abstraksyon o pagkilala at pagbibigay-pakahulugan na sa textong gagamitin, SL man o TL. Nabubuo na ang pundasyon ng isang pagsasalin sa ganang iyong kaalaman. Na-establish na ang familiarization sa SL at TL at higit sa lahat, nilimitahan na ang mga hindi na kailangan pang maikonsidira sa pagsisimula ng aktuwal na pagsasalin. Kapag natukoy na ang mga salik sa pagkilala ng texto, maari nang mapag-aralan ang higit na pagkilala rito at malaon tungo sa pagsasalin at pagsusuri. Isinasaad ni David Jonathan Bayot (1996) na sa pakikipag-ulayaw sa isang texto, apat na hakbangin ang sinusunod;

1. the perception of reading as a text that seeks not only to interpret but to do in the spirit of intervening within the signification system,
2. the act of reading as intertextualizing both the text and the con-text,
3. the understanding of the concept of determination as mediation and
4. the act of reading as a deconstructive undertaking of

what is constructed by and within language, writing and the ecriture. (101-102)

Tulad ng pagbabasa, nangangailangan ang kasanayan ng pagsasalin ng masidhing pagkilala sa texto upang lubos na makuha ang laman o mensahe nito. May ugnayan ang aktuwal na texto at ang laman (kon-text) na mayroon sa isang texto. Kung sa kontekst pumapasok ang interpretasyon sa larangan ng pagbasa, sa kontekst din naman dumedepende ang tagapagsalin kung paano magkakaroon ng bisa ang pagtutumbas niya ng mga diwa sa kanyang isinasagawang pagsasalin. Ito ang tinatawag na Intertextuality. Sa pakahulugan ni Tracy Lemaster (2012), it is a conversational dialogue between two texts (http://humanities.wise.edu/asset/misc/What_Is_Intertextuality.pdf) . Sa larangan ng pagbasa itinuturing ang conversational bilang pagbibigay ng interpretasyon (kahulugan o konteksto ng texto) at sa larangan naman ng pagsasalin, ito ang tumbasan na dapat isagawa ng isang tagapagsalin. Sa paraang ito naghahanap ang tagapagsalin ng mga akmang kahulugan mula sa SL patungo sa kanyang TL. May mga katangiang dapat taglayin ang isang texto upang masabi na maaari nga itong maging isang textong conversational;

1. Kailangang maging komunikatibo ang isang texto (Hasim and Mason, 1997:14) Iba-iba ang kaligiran ng texto at hindi iisa ang kahulugan nito lalo na kung pag-uusapan ang mga textong bukas sa suri at interpretasyon. Tinatawag ang mga ganitong texto bilang writerly text ni Roland Barthes (1970) at open text ni Umberto Eco (1960). Sa mga ganitong klaseng texto tumatalab ang pagiging isang komunikatibo na nabibigyan ng istrukturang kamalayan o interpretasyon. Maaaring maituring ito bilang isang komunikatibong simbulikal (Muschar, 1996:93) o isang textong bukas sa interpretasyon at bukas sa mga puwersang panlabas (text world) (Hasim and Mason, 1997:16) na may pakahulugan bilang dialectical relationship with other sets outside its boundaries (Bassnet-Mcguirre, 1980:77). Hindi magiging epektibo ang pagsasalin kung hindi komunikatibo ang texto mula sa wika at pakahulugan, simbulismo at signipikasyon. Maraming salik ang naiikonsidira sa pagsasalin na maaaring makapang-impluwensya sa tumbasan. Maaaring ang kultura, kasaysayan, lipunan, subhektibong pananaw ng tagapagsalin,

ang pagpili niya ng mga salita (diction) at estilo o anyo ng kanyang pamamaraan sa pagsasalin ang kadalasang nagagamit sa proseso ng tumbasan ng pagsasalin.

2. May pagkakaugnay (cohesiveness) at sense constancy of the surface and the innate text (Hasim and Mason, 1997:16). Sa pagiging komunikatibo umuusbong ang kaayusan ng isang texto. Tulad ng isang emosyon, nangungusap ang isang texto kung paano ito maiintindihan ng isang tagapagsalin. Tulad ng isang tao, kailangang pakinggan ang nilalaman nito sapagkat ito ang pinakapuhunan ng pagbuo ng buong prinsipyo ng pagsasalin. At tulad ng pagkaunawa, nakakatulong ang mga konteksto sa pagdevelop ng mga tumbasang malapit sa kahulugang nais palabasin buhat sa isang textong bukas sa interpretasyon (o pagkaunawa).

3. Dahil bukas sa interpretasyon ang isang texto, bukas na rin ito sa pagsasalin. Nakakonekta ang konteksto ng texto sa aktuwal na texto at ganoon din ang texto sa iba pang texto. Kung gayon, may kabuluhan ang lahat ng mga suri, interpretasyon at higit sa lahat ang pagsasalin dahil tunay na may direktang ugnayan ang texto sa iba pang texto. At kung may direkta itong ugnayan, higit na mapapadali ang pagsasalin dahil sa espiritu ng tugmaan na mayroon sa pagitan ng texto sa texto. Ito rin ang isinasaad ni Julia Kristeva; there should be an interaction between text and context, all texts linked to all other texts because no text can never be completely free of those texts that precede and surround it (Basnet-Mcguire, 1980:79)

Linguistic at Semantic Basis

Sa buong proseso ng pagsasalin, ang semantic at linguistic na aspekto ang maaari lamang maging daan tungo sa isang matagumpay na pagsasalin ayon na rin ito kay Peter Newmark (1995) na siya ring pangunahing layunin din ng papel na ito. Unahin muna ang pagtalakay sa linguistic. Matutukoy ang linguistic na paraan na mas kilala bilang paraang komunikatibong pagsasalin (na nabanggit na bilang conversational text) na maaaring akuin na itong pinakamadaling paraan upang magkaroon ng isang maayos na tumbasan. May konsidirasyon sa hakbanging ito ang kapakanan ng uunawa ng pagsasalin. Nais paratingin na mas mahalaga ang pagkaintindi sa TL dahil ang pagpasa lamang ng mensahe na

mayroon sa TL papuntang SL ang maaaring maikonsidira kung susukatin ang tagumpay ng tumbasan. Higit na mas mahalaga ang ekspresyon ng kahulugan o diwa ng kontekst dahil iniisip ang higit na pang-unawa sa kapakanan ng mensahe (bakgawnd, pinagmulan, saysay etc.) ng SL.

Communicative translation attempts to produce on its readers an effect as close as possible to that obtained on the readers of the original. Semantic translation attempts to render as closely as the semantic and syntactic structures of the second language allow, the exacy contextual meaning of the original. (Newmark, 1981:39)

Ito ng tinatawag ni Eugene Nida (1964) na Dynamic Equivalence o ang pagsasalin alinsunod sa kabuluhan, mensahe o diwa ng isinasalin. Mahalaga ang ganitong kaparaanan ng pagsasalin at maaaring magamit sa mga larangan o disiplina tulad ng mga dubbing, report, texbuk, mga dokumentong teknikal, mga textong jorno, mga dokumentong pampubliko at iba pang mga sanaysay na katulad sa kalikasan nito o masasabing hindi nabibilang sa ganitong pampanitikang anyo.

Samantala sa kabilang dako, masasabing semantic ang isang pagsasalin kung layunin ng buong proseso ang pagiging tapat sa SL at lalo't higit sa nilalaman nito. Kapag sinabing katapatan, sakop nito ang mga salik na mayroon sa isang textong bukas sa pagsasalin tulad halimbawa na lamang ng paggamit ng mga orihinal na salita, parirala, at konotasyon na nangangailangan ng istriktong paggamay sa tunay na nilalaman ng mga ganitong uri ng pagsasalin.

Semantic translation intends to reserve the form of the original in translation and reproduce the original contextual meaning as closely as possible. Keeping the SI culture's characteristics, focusing on the mediator's thnking process and organizing key information it can help the TL readers to comprehend the text's meaning. It is applicable to complicated, detailattentive and information-intensive translation work. (MiaoMiao, 2014:28).

Ilan sa mga texto na maaaring mapaloob sa ganitong kasanayan ng pagsasalin ang akdang pampanitikan partikular na ang mga tula, nobela, maikling kuwento at mga dula, mga siyentipiko at teknikal na diskurso at iba pang mga genre na nais panatiliin ang orijinaliti ng isang SL.

Kung may Dynamic Equivalence para sa linguistic o

komunikatibong pagsasalin, na ayon pa rin kay Eugene Nida, may Formal Equivalence naman para sa semantic translation. Ito ang pagsasalin alinsunod sa direktang wika/linggwistikong aspekto kung saan isinasaalang-alang dito ang gramatika, mga gamit ng salita at ang mga pagpapakahulugan ng pinagkuhanang wika. Kung lalahatin, makikita ang distinksyon ng dalawang kaparaanang pagsasalin na ito sa pamamagitan ng sumusunod; (Newmark, 2000:2)

	Linguistic Translation	Semantic Translation
Transmitter/addressee focus	Subjective, TT reader focused oriented towards specific language and culture.	Focus the thought process of the transmitter as an individual, should only help TT (target text) reader with connotations if they are crucial part of message)
Culture	Transfers foreign elements into the TL culture.	Remains within the SL culture.
Time and Origin	Ephemeral and rooted in its own contemporary context.	Not fixed in any time or local space translation need to be done anew with every generation.
Relation to ST (source text)	May be better than ST, gain of force and clarity even if loss of semantic content.	Always inferior to ST (source text), loss of meaning.
Use of form of SL	Respect the form of the SL but overriding loyalty to TL norms.	If ST language norms deviate, then this must be replicated in TT loyalty to ST Author.
Form of TL	Smoother, simpler, clearer, more direct, more conventional tendency to under-translate.	More complex, awkward, detailed, concentrated tendency to overtranslate.
Appropriateness	For the vast majority of texts, e.g., non-literary writing, technical and informative texts, publicity standardized types, popular fiction.	For serious literature, autobiography personal efusion, any important political (or other) statement.
Criterion for evaluation	Accuracy of communication of ST message in TT.	Accuracy of reproduction of the significance of ST.

Subalit may ibang perspektibo naman si Bassnet-Mcguirre (1980). Ayon sa kanya, nakapaloob sa dalawang paraang ito ng pagsasalin, ang linguistic at semantic, ang pagkilala rin naman sa simbulikal na aspekto ng pagtutumbas ng diwa ng mga salita na tinatawag na siyensya ng mga simbulo o semiotics. Mahalaga ang disiplinang ito sa pagsasanay sa pagsasalin sapagkat may kaugnayan ito sa aspektong semantic at linguistic.

Semiotic involves the transfer of meaning contained in one set of language signs into another set of language signs through competent use of the dictionary and grammar the process involves a whole set of extra-linguistic criteria also (13).

Magkatuwang ang semantic at linguistic sa buong proseso ng pagsasanay ng pagsasalin. Umaakma ang lahat ng mga ito sa pagpapakahulugan. Dito na ngayon pumapasok ang aspektong kultural bilang itong nagtatawid sa mga pangangailangang semantic, linguistic at semiotic. Ayon kay Edward Sapir (1921), no language can exist unless it is steeped in the context of culture and no culture can exist which does not have at its center the structure of national language (14). Ganoon din ang nais idiin ni George Monnin (1980) na translation as a series of operations of which the starting point and the end product are significations and function within a given culture (15). Bagamat nasasaad ni Norman Fairclough (1992) na sa prosesong intertextuality, higit na maiintindihan ito dahil sa taglay na linguistic features (195) hindi pa rin mawawala ang katotohanang sa pagsasalin nalalaro ang diwa at kamalayan ng mga salita at simbulo, ng kahulugan at ng kultura (Julia Kristeva, 1986:3). Kung gayon, ang kultura ang magiging basehan sa paggamit ng anuman sa mga extra-linguistic realities na ito. Ang lubos na kabatiran ng kultura ng TL at ang karanasang nakapaloob na sa kultura ng tagapagsalin at ng SL ang magtatawid sa isang paraan ng pagkakasalin ng isang texto na maaring magtawid sa mas maayos, mas maiintindihan at mas komunikatibong paraan ng pagsasalin.

Cultural studies treats the textualized artifacts of the past as forms of cultural production---ideological texts---that must be decoded and analyzed in terms of their contribution to the struggle between the hegemonic and counter-hegemonic ideologies of a particular society.

As the emphasis on the term cultural production suggests, ideological texts have a material reality. Cultural texts must be produced and distributed as well as coded and decoded. (Cornell, 93:66)

Kung gayon, masasabi na kultura ang pinakapangunahing naghahabi sa linguistic, semantic at semiotic na kaparaanan ng pagsasalin. Hindi na ito maaaring tanggalin pa sa buong proseso. Karaniwang madaling malaman ang karamihan sa mga salitang pangkultura na nagagamit sa pagsasalin dahil may katumbas ang mga ito sa ibang wika (linguistic), sa ibang diwa (semantic) at sa ibang simbulo (kultura). Nagsisilbing paglalarawan ng kultura sa kultura, diwa sa diwa, TL sa SL ang isang buong pagsasalin sapagkat nailalapit na nito ang kahulugan ng mga linguistic na salik sa semiotic na salik ng texto. Ito ang tinatawag na functional equivalent ng pagsasalin. (Newmark, 1995:94-95).

Language Familiarization

Sa Pilipinas, madalas Inggles ang SL at Filipino naman ang TL. Kung ganitong paraan ang proseso ng pagsasalin, nagiging problema ang konsistensi sa paggamit ng TL dahil Tagalog o Pilipino o Filipino ba ang ilalapat sa TL. Masalimuot ang language familiarization o consciousness of one particular language dahil dito nakasalalay ang kalinawan ng wikang gagamitin na maaaring magdefayn sa katagumpayan o pagiging komunikatibo ng isinasagawang pagsasalin. Sa kasalukuyan, wikang Filipino na ang dapat na gamitin sa ngalan ng istandardisasyon nang sa gayon maiayos na rin ang paggamit ng wika ng TL. Magkaganon man, hindi rin dapat maging kampante sa kasanayan lamang sa TL dahil mahalaga rin ang pagiging pamilyar at may kaalaman sa wika ng SL.

The act of translating by its nature requires very carfeul attention to both form and meaning in the source language in order to transfer the meaning into other forms in another language. (Machida, 2011: 742) Translating into another language requires through comprehension of the original text first. (743).

Ang kapwa pag-unawa sa mga sangkot na wikang gagamitin ang mag-uudyok sa isang tagapagsalin kung anong konsepto

ang maaari niyang panghawakan sa proseso ng pagsasalin. Sa konseptong ito makikita kung tutumbas ba ito sa naisin na nakapaloob sa mga salik na mayroon sa SL at TL.

Isa sa mga salik na maaaring makapaghadlang sa pagiging pamilyar sa isang wika ang kabatiran kung posible nga ba ang ang ilang mga salitang nasusulat sa Inggles (SL) na makahanap ng tumbas sa Filipino (TL). Matagal nang napag-uusapan ang Intelektwalisasyon ng Wikang Filipino kung magagamit o epektibo ba ito. Kung ang paggamit ng wikang Filipino ang gagamitin sa iba't ibang larangan o disiplina, isyu naman ang istandardisasyon. Bagamat namumungkahi na Filipino ang maaaring maging batayang wika bilang TL, ang istandard na paggamit ng mga termino at iba pang wika sa pagsasalin ang susunod na magiging konsern. Malawak na isyu ang istandardisasyon ng wika. Sakop nito ang gramatika, ortograpiya, pagsasalita at mga katulad nito. Magkagayon man, ang kahasaan sa SL o TL man nasusukat sa kung paano hahawakan ang perpesktibo sa pagbuo ng konspeto ng pagsasalin. Maging maingat at konsistent lamang sa paggamit ng mga salita upang kung anuman ang mapili sa bubuuing pagsasalin, matukoy pa rin ang katagumpayan ng pagtutumbas.

Scrib(e)ization 1

Isa sa mga makrong kasanayan sa komunikasyon ang pagsusulat. Ito ang sumusukat sa mga naiisip na ideya na kailangang pagtuunan ng pansin at pagpapahalaga. Ito ang paghihinto ng isip o pamamahinga ng kamalayan tungo sa pagsasatitik nang sa gayon mapagtuunan o mapagdesisyunan muna kung ano ang talagang nais na ipakahulugan sa ehersisyong ginagawa. Tulad ng sa pagsasanay na kompyutasyon o kalkulasyon, naisusulat muna ang mga mahahalagang datos upang hindi malimutan o magkamali sa imbestigasyon sa paghahanap ng solusyon sa ginagawang matematikal na operasyon. Hindi lahat nagagamay ng isip. Mainam na may rekord o nakasulat na dokumentasyon sa ginagawa. Ganoon din sa pagsasalin. Makakatulong ng higit ang pagsusulat upang makagawa ng buwelo at may panahon sa paghahanap ng pagtutumbas. Ginamit ni Cruz ang salitang Scrib(e)ization sa ganitong pagsasanay. Kung maituturing na isang paglalaro ang pagsasalin, mainam na sanayin ang saili sa pagsusulat ng mga

salita, pangungusap, diwa, pagpapakahulugan ng kapwa SL at TL. Gaya ng nabanggit, hindi biro ang pagsasalin, isang maingat na gawain ito kung kaya't kailangan munang magkaroon ng mga panimulang burador.

Translation is a meticulous, skilled process similar in nature to technical writing. Though you provide the concept and the source files, your translator must take time to fully comprehend your meaning and find the best way to replicate the tone and content in his or her native tongue. Often there is research involved or requests for you to provide clarification. (Sichel, 2009:4)

Auralization1, Evaluation/Scrib(e)ization2 at Auralization2

Ang bisa ng pagsusulat bilang katuwang sa pagsasalin ay higit na mas magiging epektibo kung babasahin ito at nanamnamin ang bawat tumbasang ginawa sa abot na makakaya ng tagapagsalin. Sa pagsusulat ng mga awitin maging ng mga tula, naaayos ang paglalapat ng mga pagpapakahulugan at nota kung aawitin ito ng kompositor samantalang sinusulat niya ito. Mas madali para sa kanya kung sasabayan na niya ang mga titik ng kanyang obra ng ilang mga tunog, o sa mas mainam na paraan, aawitin ito. Mas matatanggap niya nang dahan-dahan ang organisasyon ng diwa na nais niyang palabasin sa kanyang isinusulat na awit kung kanya na itong aawitin. Sa proseso ng pagsasalin, higit na makakapagbigay ng kaluwagan sa pagpili ng pagtutumbas kung bibigkasin na ang mga naisagawang pagsasalin. Ito ang tinatawag na Auralization. Sa ganitong paraan naririnig ng tagapagsalin ang kanyang mga ginagawa sa lahat ng mga unang pagtatangka niya ng pagsasalin. Sa pagbigkas nakikita ang linaw o labo, kaayusan o hindi, kakulangan o kalabisan ng mga unang bugso niya ng pagtutumbas. Iba ito sa tinatawag na speech to speech translation o talking translation. Paraan na ang mga nabanggit ng isang buong pagsasalin. Tulad na ito ng mga tinatawag na machine translation at iba pang kaparaanan sa pagsasalin tulad ng transliteration. Sa Auralization, sinasanay ang namuong konsepto ng pagtutumbas sa naisagawang unang tangka ng pagsasalin. Ito ang nagiging paraan upang marinig ang mga nabitawang mga salita o diwa na napipili upang makamit ang hinahangad na katagumpayan

sa isinasagawang pagsasalin. Sa proseso ng scrib(e)ization at auralization, maaaring may mamuo nang ilang bahagi ng mapagdedesisyunang pagtutumbas. Subalit tulad ng ibang gawain at kasanayan, lalo na kung kaselanan ng isang tagapagsalin ang pag-uusapan, maaari niya muling ulitin ang dalawang nabanggit na hakbangin na kapwa pagsasang-ayunan ng linguistic o semantic translation. Kung kaya't makikita sa iskema na dalawang beses naulit ang scrib(e)ization at auralization. Sa ganitong paraan, nadadaan na rin ang proseso ng pagsasalin sa ebalwasyon bilang huling mekanismo sa pagsusuri ng estilong napili sa pagsasalin. Ebalwasyon ang magsasabi ng paraan ng pagsisiguro kung may tagumpay na bang nakakamit sa proseso ng pagtutumbas mula sa pagsusulat hanggang sa pagbigkas. Masasabing nabuo na ang diwa. Napili na ang sa ganang tagapagsalin, mga akma ng konsepto, titik, simbulo, kultural na manipestasyon, pagpapakahulanan at konsepto ng kapwa SL at TL. Malinaw na ang paghahatid ng diwa mula sa isang texto (SL) patungo sa layon na texto (TL). At kapag makinis na ang lahat ng kasanayang masinsinang hinulma sa ngalan ng isang mabisang pagtutumbas, ilalapat na ang huling burador bilang siyang pinakahuling proseso ng sining ng pagsasalin. Dito na ngayon papasok ang Final Translation. Mula rito, magtatapos ang isang masalimuot ng paglalapat-diwa, pagpapakahulugan, pagsasatitik, paglinang ng kaluluwa ng pagkabansa, pag-igting ng target na kultura at pagpapasa-iral muli ng panibagong texto na representasyon ng isang dating may kakanyahan lamang sa isang piling wika na ngayon nailagay na sa panibagong texto na tumatanggap ng kaparehong nosyon subalit nagagamit na ng may ibang identidad, lahat ayon sa napiling estilo, pamamaraan at kospeto ng pagsasalin.

Konklusyon

Bagamat sa kabila ng paghahanap ng pagtutumas tungo sa paghahanap ng kabuluhan ang bawat proseso ng pagsasalin, nangangailangan pa rin ito ng mga hakbangin na kinakailangan masunod tungo sa iskema na mas kapaki-pakinabang at mas madaling makukuha ang layon ng TL mula sa SL. Masalimuot ang pakikipaglaro sa mga salita, simbulo at pagpapakahulugan ng isang texto. Ito ang esensya ng pagsasalin. Ang mahanapan ng

pagkakaunawa gamit ang mga taglay na diwa na ilalapat ng SL papuntang TL. Mungkahi ang ilang hakbangin upang matugunan ang hinahangad na pagtutumbas sa pagsasalin. Una, kailangang makapamilya ng texto kung saan pamilyar ang tagapagsalin. Maituturing na isa na rin itong paraan ng pagsasalin dahil may pagkilala na sa aktuwal na textong hahanapan ng pagtutumbas. Sa paraang ito, maaari nang makapamilya ang pagsasalin kung anong paraan ba ang maaari niyang gamitin sa aktuwal na pagsasalin, ang linguistic translation ba o ang semantic translation. Layon ng una ang pagiging komunikatibo ng pagsasalin at katapatan naman ng TL sa SL ang hangad ng huli. Sa kapwang kaparaanan na ito ng pagsasalin, hindi maaaring matumbok ang kultura maging ang mga simbulo na nakapaloob sa mga texto na gagamitin. Kailangan din ang pagiging gamay o pamilyar sa wikang gagamitin. Malaking salik din ito sa paghahangad ng katagumpayan sa pagsasalin. Mula sa anumang mapipiling paraan ng pagsasalin, maaari nang gamitin ang iba pang kasanayan sa prosesong ito ng pagsasalin, ang tinatawag na scrib(e)ization na dalawang beses uulitin kung saan layon nito na masulat at marekord ang mga napipiling salita, estilo at anyo ng isinasagawang pagsasalin. Ganoon din ang auralization na tulad ng scrib(e)ization, dalawang beses ding gagawin na kaakibat na ang ebalwasyon na maaaring paraan na ng pagkikinis sa naisagawang pagsasalin. At sa huling paraan ding ito pinal nang maisusulat ang lumitaw na TL buhat sa matagumpay na pagtutumbas ng mga salik na nakapaloob sa SL.

Sa katunayan, malaya naman ang isang tagapagsalin kung anong paraan ang kanyang maaaring gagamitin sa paghahangad niya ng katagumpayan sa kasanayan ng pagsasalin. Subalit sa kabila nito, anumang paraan na maaari niyang magamit, nakapaloob pa rin ito sa iskimang mungkahi na natalakay. Bagamat lagi na ngang nababanggit na masalimuot ang isang pagsasalin, ang katotohanan, anu pa mang paraan ang mapipiling gawin o sundin, lilitaw pa rin ang mungkahing hakbangin na naipaliwanag. Sa ganitong paraan, masasabi na isang hiwaga ang paghahangad ng pagtutumbas at isang sagot sa hiwaga ang katagumpayan kapag nakamit na ang pagtutumbas.

Mga Sorses

Libro

- Bassnett-McGuire, Susan. (1980). *Translation Studies*. London: Sage Publications.
- Bautista, Cirilo. (1990) *Breaking Signs: Lectures on Literature and Semiotics*. Manila: Dela Salle University Press.
- Bayot, David Jonathan (1996) *Isagani R. Cruz and The Other other Intervention in Philippine Kritika*. Manila: De La Salle University Press.
- Hasim, Basil & Mason, Ian. (1997) *The Translator as Communicator*. New York: Routledge.
- Kristeva, J. (1986) *Word, Dialogue and Novel in T. Moi (ed) The Kristeva Reader*. Oxford: Blackwell.
- Medina, B.S Jr. (2000) *Sa Ibang Salita*. Manila: De La Salle University Press.
- Muscard, Jutta. (1996) *Relevant Translations: History, Presentations, Criticism, Application*. Berlin: Peter Lang.
- Newmark, Peter. (1981) *Approaches to Translation*. Oxford: Pergamon Press.
- _____. (1995) *A Textbook of Translation*. New York: Phoenix, ELT.
- Nida, Eugene A. (1964) *Towards A Science of Translating*. Leiden: E.J. Brill.
- Retsker, Jakob. (1993). *The Theory and Practice of Translation*. In *Translation as Social Action: Russian to Bulgarian Perspective*. New York: Routledge.
- Cruz, Jhoanna. 1994. *The Translator as Co-Creator: The Semiotic Method of Translation*. LIKHA, Vol. 16, No.1, 1994-1995, pp.14-22.

On-Line

- Cornell, Saul. (1995) *Splitting the Difference: Textualism, Contextualism and Post Modern History*. *The American Studies Journal*. Vol.36, No. 1, pp. 57-80. Retrieved from <https://journals.ku.edu/amerstud/article/view/2807>.
- Fairclough, Norman. (1992) *Discourse and Text: Linguistic and Intertextual Analysis within Discourse Analysis*. *Discourse and Society*. Vol.3, No.2, pp.193-217. Retrieved from http://www.researchgate.net/profile/Norman_Fairclough/publication/248712799_Linguistic_and_Intertextuality_Analysis_Within_Discourse_Analysis/links/568e251608aeaa148b994/Linguistic-and-Intertextual-Analysis-Within-Discourse-Analysis.pdf.
- Lemaster, Tracy. (2012) *What is Intertextuality?* *Humanities*. Retrieved from humanities.wise.edu/asset/misc/What_Is_Intertextuality.pdf.
- Machida, Sayuki. (2011) *Translation in Teaching a Foreign (Second) Language: A Methodological Perspective*. *Journal of Language Teaching and Research*. Vol.2. No.4, pp. 740-746. Retrieved from www.academypublication.com/issues/past/jiltr/vol02/02.pdf.
- Miaomiao, Wang. (2014) *A Study on Semantic and Communicative Translation*

of Magical Things in Harry Potter. Canadian Academy of Oriental and Occidental Culture, Studies in Literature and Language. Vol.8, No.2, pp.26-31. Retrieved www.cscanada.org.

Sichel, Barb. (2009) Planning and Writing for Translation. Multilingual Writing for Translation. October-November 2009, pp. 3-5. Retrieved from <https://multilingual.com/downloads/screenSupp107.pdf>.